

Western Digital®

We.care Scholarship Program

ANG PROGRAMA

Itinatag ang Western Digital We.care Scholarship Program noong 2018 upang hikayatin ang magagaling at pursigidong dependent ng aming mga manggagawa na may kakayahan at nagpaplanong ipagpatuloy ang kanilang edukasyon sa isang kinikilalang kolehiyo o unibersidad sa loob ng apat na taong programa.

Ang programang ito ay pinapangasiwaan ng Scholarship America®, ang pinakamalaking taga-disenyo at tagapamahala ng scholarship, tulong sa tuition, at iba pang programang pansuporta sa edukasyon para sa mga kumpanya, foundation, asosasyon, at indibidwal sa United States. Ipinagkakaloob ang mga igagawad nang hindi isinasaalang-alang ang lahi, kulay, paniniwala, relihiyon, sekswal na oryentasyon o kagustuhan, edad, kasarian, kapansanan, o bansang pinagmulan.

PAGIGING KWALIPIKADO

Dapat matugunan ng mga aplikante ng Western Digital We.care Scholarship Program ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado:

- Maging legal na dependent* ng isang regular at full-time na empleyado ng Western Digital sa panahon ng deadline ng aplikasyon. Tandaan, ang empleyado ay dapat may antas ng posisyon na 109 o mas mababa sa track para sa suporta, propesyonal, o pamamahala, o maging miyembro ng aming mga tauhan sa manufacturing (antas 201-205).
**Ang mga dependent na anak ay tumutukoy sa mga biyolohikal na anak, anak sa una ng isa sa mag-asawa, o legal na inampong anak na nakatira sa sambahayan ng empleyado o pangunahing sinusupportahan ng empleyado.*
 - Naka-enroll o pinaplanong mag-enroll bilang undergraduate na mag-aaral nang full-time sa isang kinikilalang kolehiyo/unibersidad na may apat na taong programa para sa darating na taong pang-akademiko.
 - Bibigyang-prioridad ang mga mag-aaral na may 3.0 na GPA sa sukatang 4.0 (o katumbas nito).
 - Ang lahat ng major ay kwalipikadong mag-apply.
-

MGA IGAGAWAD

Kung napili bilang isang benepisyaryo ng programa, makakatanggap ang mag-aaral ng \$2,000 hanggang \$5,000 USD. Tinutukoy ang halaga ng igagawad batay sa taunang budget at bansa kung saan pumapasok sa kolehiyo ang benepisyaryo.

Pangangasiwaan ang programa nang ganap na sumusunod sa Patakaran ng IRS sa Kita 76-47. Hindi lalampas sa 25% ng mga kwalipikadong aplikante ang maaaring makatanggap ng mga igagawad.

Isang beses lang ipagkakaloob ang mga igagawad, ngunit maaaring mag-apply muli ang mga mag-aaral sa programa sa bawat taon na natutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado.

Kwalipikado ang mga mag-aaral na makatanggap ng Western Digital scholarship nang hanggang dalawang (2) beses.

Alinsunod sa Patakaran ng IRS sa Kita 76-47, ang kinakailangan sa pagtatrabaho ay hindi nalalapat sa mga dating benepisyaryo. Hindi kailangang matugunan ng mga mag-aaral na napili bilang benepisyaryo ang kinakailangan ng programa kaugnay ng pagtatrabaho ng magulang kung/kapag mag-a-apply muli sa programa sa mga susunod na taon.

Ang mga igagawad ay para sa mga kwalipikadong gastusin na nauugnay sa edukasyon (tuition, bayarin, mga libro, at iba pang kinakailangang supply) lamang.

Ang mga igagawad ay para sa undergraduate na pag-aaral lamang.

Mga Kinakailangang Dokumento

Bilang bahagi ng iyong aplikasyon, dapat mong i-upload ang mga sumusunod:

- Isang updated at kumpletong transcript ng mga grado. Hindi tinatanggap ang mga ulat ng grado. Dapat ipinapakita ng mga transcript ang pangalan ng mag-aaral, pangalan ng paaralan, mga grado at oras na kinredito para sa bawat kurso, at termino kung kailan kinuha ang bawat kurso.
- Upper secondary school diploma o sertipiko, kung mayroon (Mga aplikanteng nakabase sa labas ng U.S.)
- Mga resulta ng mga pagsusulit (Mga aplikanteng nakabase sa labas ng U.S.).
- Mga pagsasalin sa wikang English para sa anumang mga dokumento na hindi nakasulat sa wikang English.

Hindi kumpleto ang iyong aplikasyon maliban kung naisumite sa elektronikong paraan ang lahat ng kinakailangang dokumento.

PAGPILI NG MGA BENEPISYARYO

Ang mga benepisyaryo ng scholarship ay pinipili batay sa akademikong pagganap, ipinapakitang kakayahang mamuno at paglahok sa mga aktibidad ng paaralan at komunidad, pahayag tungkol sa mga layunin at pangarap at mga hindi pangkaraniwang kalagayan o hamong personal o pampamilya. Hindi isinasaalang-alang ang mga dokumento tungkol sa pangangailangang pinansyal.

Kabilang sa pang-akademikong pagpapahalaga ng mga aplikante ang pagsusuri ng average ng grado/marka batay sa sistema ng pagbibigay ng grado na ginagamit sa bansa ng aplikante at pagsusuri ng mga resulta ng mga pang-akademikong eksaminasyon.

Bibigyang-prioridad ang mga mag-aaral na may 3.0 na GPA sa sukatang 4.0 (o katumbas nito).

Isinasagawa ng Scholarship America ang pagpili ng mga benepisyaryo. Walang magiging bahagi ang sinumang opisyal o empleyado ng Western Digital Technologies, Inc. sa pagpili sa kahit anong pagkakataon. Hindi lahat ng aplikante ng programa ay mapipili bilang benepisyaryo. Sumasang-ayon ang lahat sa aplikante na tatanggapin ang desisyon bilang pinal na desisyon.

NOTIPIKASYON

Aabisuhan ang lahat ng aplikante sa kalagitnaan ng Mayo.

PAGBABAYAD NG MGA SCHOLARSHIP

Ipinoproseso ng Scholarship America ang mga pagbabayad sa scholarship sa ngalan ng Western Digital Technologies, Inc. Isinasagawa ang pagbabayad sa unang bahagi ng Agosto.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Dapat ipadala ang mga tanong tungkol sa programa para sa scholarship sa:

Email: westerndigital@scholarshipamerica.org
Telepono: +1-507-931-0543